JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

5

Zestfor Progress Zeal of Partnership

# Edukasyon Sa Pagpapakatao

## Ika-apat na Markahan-Modyul 6:

## Handog Pasasalamat



Pangalan ng Mag-aaral______________________________

Baitang at Seksyon:_________________________________

Paaralan:___________________________________________



## Alamin

Magandang araw mga butihing mag-aaral!

Ang tao sa araw-araw at lalo na sa panahon ng kagipitan ay nangangailangan ng masasandalan at mahihingan ng tulong. Nariyan ang kanyang pamilya, kaibigan, kasamahan sa trabaho at higit sa lahat ang Diyos na ating may likha.Sa araw-araw dapat nating matutunan ang pagkakaroon ng pusong marunong magpasalamat sa mga taong tutumutulong sa atin sa anumang paraan lalo na sa ating Panginoon na siyang lumikha ng lahat.

Ang mga inihandang gawain sa modyul na ito ay naglalayon na patnubayan kayo na makamit ang layunin na:
Nakakapagpapakita ng mga paraan ng pagpapasalamat sa Diyos.
**EsP5PD-IVe-i-15**



## Subukin

**Panuto**: Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pasasalamat sa Diyos?

   A. Nagbibigay ng handog tuwing nagsisimba.
   B. Naglalaro sa loob ng simbahan.
   C. Gumagamit ng cellphone habang nagmimisa.
   D. Abala sa pagkukuwento habang dumadalo sa isang panrelihiyong pagtitipon.

2. Nasira ng bagyo ang bahay nila Kayla. Nagising siya ng maaga kinabukasan. Naalala niya na pinatuloy sila ng kaibigan ng kanyang nanay sa bahay nito.

   Alin sa sumusunod ang unang dapat niyang gawin?

   A. Magdasal at magpasalamat sa Diyos.
   B. Gumamit ng cellphone at mag Facebook.
   C. Pumunta sa kapitbahay at makipagkilala
   D. Maghanap ng laruan at mag laro.

3. Ang pamilya nila Mateo ay mahirap ngunit kuntento sila sa kanilang buhay at handang tumulong sa mga nangangailangan.

Masasabi ba natin na ang kanilang pamilya ay nagpapakita ng pasasalamat sa Diyos?

A. Oo, sapagkat kuntento sila sa kanilang buhay.
B. Hindi, wala silang pangarap sa buhay.
C. Oo, sapagkat wala silang ginagawa.
D. Hindi, dahil mahirap sila.

4. Nasunugan kayo ng bahay. Nakita mo ang iyong mga kapitbahay na nag tulong-tulong at napatay nila ang apoy.

Ano ang nararapat mong gawin?

A. Pagsabihan ang mga kapitbahay na huwag silang humingi ng bayad.
B. Magpasalamat sa kapitbahay na tumulong upang maapula ang apoy.
C. Sabihin sa mga magulang na tumutulong ang mga kapitbahay dahil may gusto silang nakawin sa bahay ninyo.
D. Magpasalamat ngunit hindi ito bukal sa iyong kalooban.

5. Lumikas ang pamilya mo sa "*evacuation center*" dahil nag-uumpisa ng pumutok ang bulkan. Palagi kang handang tumulong sa lahat ng nangangailangan ng tulong mo sa Center.

Ano ang positibong dulot ng iyong ginagawa para sa sarili mo?

A. Magiging mayaman ka kasi sikreto kang tumatangap ng suhol.
B. Magiging matalino ka sa lahat ng bagay kasi marami kang nakakausap.
C. Nagkakaroon ka ng maraming kaibigan at ginagawa mo ang gawain na nakapagpasaya sa ating Diyos.
D. Magiging politiko ka dahil marami na ang nakakakilala sa'yo.

| Modyul 6 | Handog Pasasalamat |
|---|---|

# Modyul 6: Handog Pasasalamat

Sa araling ito, iyong matututuhan kung paano maipapakita ang mga paraan ng pasasalamat sa Diyos. Sa anumang biyaya na ipinagkaloob sa atin, nararapat na ibalik natin ito sa Poong Maykapal sa paraang makakapagbigay kasiyahan sa pamayanan at lipunan.



## Balikan

Balikan natin ang iyong nakaraang aralin. Natutunan mo ang pagtukoy sa mga paraan ng pasasalamat sa Diyos.

**Panuto:** Basahin ang mga pangungusap. Lagyan ng tsek (/) ang kolum kung ito ay tumutukoy sa paraan ng pagpapakita ng paraan sa pasasalamat sa Diyos, ekis (x) naman kung hindi.

| Sitwasyon | (/)tsek o (x)ekis |
|---|---|
| 1. Pananampalataya sa Diyos | |
| 2. Pag-iingat sa ibinigaynabuhay | |
| 3. pangangalaga sa kapaligiran | |
| 4. Paggawa ng Mabuti sakapwa | |
| 5. pagmamahal sa kapwa | |



## Tuklasin

**Panuto:** Basahin ang liriko ng kantang " Ang Tanging Alay Ko". Sagutin ang mga sumusunod na tanong pagkatapos basahin ang liriko.

**Ang Tanging Alay Ko**
April Boy Regino

Salamat sa Iyo
Aking Panginoong Hesus
Ako'yinibig Mo
At inangking lubos
Ang tanging alay ko sa Iyo aking Ama
Ay buong buhay ko puso at kaluluwa
Di namakayanang maipagkaloob
Mamahalinghiyas O gintong sinukob
Ang tanging dalangin O Diyos ay tanggapin
Ang tanging alay ko nawa ay gamitin
Ito lamang Ama wala nang iba pa
Akong hinihiling
Di ko akalain
Na ako ay bigyang pansin
Ang taong tulad ko
Di dapat mahalin
(Koro)

Aking hinihintay
Ang Iyong pagbabalik, Hesus
Ang makapilingKa'y
Kagalakang lubos
(Koro)

1. Tukuyin ang mga dapat ipagpapasalamat sa Diyos na nabanggit sa liriko ng kanta.

_______________________________________________

2. Bilang isang mag-aaral, paano mo maipapakita ang iyong pasasalamat sa Diyos? Ipaliwanag.

_______________________________________________

3. Sa iyong palagay, mahalaga ba ang magpasalamat sa Diyos? Bakit?

_______________________________________________

4. Suriin ang iyong damdamin habang binabasa mo ang liriko ng awitin at ilahad ang iyong naramdaman.

_______________________________________________



## Suriin

Likas sa tao ang humingi ng tulong at magpasalamat sa lahat ng pagkakataon sa dakilang Maylikha. Pinapakita nila ito sa maraming paraan. Ilan sa mga ito ang mga sumusunod:

1. Pagbibigay pugay sa Diyos sa pamamagitan ng pagsamba at pagbisita sa tahanan ng Panginoon.

2. Pagpapakita ng mabuting gawa sa kapwa hindi lang sa salita.

3. Pagbabahagi ng mga naayon na salita ng Diyos sa sangkatauhan.



## Pagyamanin

**Panuto:**Basahin ang mga nakatalang katangian sa unang hanay. Lagyan ng (/) ang angkop na hanay kung ito ay iyong isinasabuhay o hindi. Maging matapat sa iyong pagsagot.

| Mga Katangian | Ako ito | Hindi Ako ito |
|---|---|---|
| 1. Palaging pumupunta sa lugar ng pagsamba. | | |
| 2. Sinusunod ang mga paniniwala at gawi ng relihiyong kinabibilangan | | |
| 3. Pantay sa pagbabahagi ng pagkain sa mga kapatid | | |
| 4. Tumutulong sa mga sinalanta ng kalamidad na mga kamag-anak o kaibigan | | |
| 5. Kalmadong nakikipag-usap kahit naiinis. | | |



## Isaisip

**Panuto:** Suriin ang mga larawan. Sagutin ang mga tanong tungkol dito.



By Patrick Sweeney - complete-church-midnight-mass, CC BY-SA 2.0, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=35497670

**A**



*By Bonvallite - Own work, CC BY-SA 3.0, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=23522958*

**B**



*By Official U.S. Navy Page from United States of AmericaMC2 Pyoung K. Yi/U.S. Navy - Sailor delivers Meals-on-Wheels to elderly and homebound residents., Public Domain, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=61252757*

**C**

1. Piliin sa mga larawan ang nagpapakita ng paraan ng pasasalamat sa Diyos, sa kapwa at sa lipunan. Batay sa mga larawang napili, paano mo maipapakita ang iba't ibang paraan ng pagpapasalamat?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Ano ang batayan mo sa pagpili?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Ano ang naramdaman mo habang pinipili mo ang mga larawang nagpapakita ng pagpapasalamat sa Diyos.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________


**Rubrics ng pagmamarka**

| Krayterya | 5 | 4 | 2 |
|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Naipapahayag sa talata ang opinyon | Hindi masyadong Naipapahayag sa talata ang opinyon | Malayo sa paksa ang isinulat na talata |
| **Organisasyon** | Mahusay ang pagkakasulat ng talata. Nagkasunodsunod ang ideya | Maayos ang pagkasulat | Hindi maayos ang pagkasulat |



## Isagawa

**Panuto:** Buuin ang graphic organizer.Isulat sa loob ng kahon ang iyong paraan ng pagpapakita ng pasasalamat  sa Diyos.



**Pamantayan sa Pagpapaliwanag ng Batayang Kosepto Gamit ang Graphic Organizer**

| Krayterya | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Paghihinuha ng batayang konsepto | Nahinuha ang batayang konsepto nang hindi ginagabayan ng guro. | Nahinuha ang batayang konsepto nang may kaunting paggabay ng guro. | Nahinuha ang batayang konsepto ngunit kailangan ng labis na paggabay ng guro. | Nahinuha ang batayang konsepto sa paggabay ng guro sa kabuuan nito. |
| Pagpapaliwanag ng konsepto | Malinaw na naipaliwanag ang lahat ng mahahalagang konsepto. | May isang konsepto na hindi malinaw na naipaliwanag. | May dalawang konsepto na hindi naipaliwanag | May tatlo o higit pang konsepto na hindi naipaliwabag. |



## Tayahin

**Panuto:** Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Nasira lahat ang mga gamit ng inyong kapitbahay dahil sa bagyo.

Alin sa sumusunod ang nararapat mong gawin?

A. Ibahagi ang ibang gamit na pwede pa nilang mapakinabangan.
B. Tingnan lamang ang kanilang kalagayan.
C. Sabihin sa iyong kapitbahay na humingi ng tulong sa iba.
D. Ipagbigay alam sa punong barangay na mas nangangailangan kayo ng tulong.

2. Magsisimba na ang iyong Pamilya ngunit hindi mo pa natapos ang iyong ginagawang proyekto.

Ano ang iyong gagawin?

A. Itigil muna ang ginagawa at sumama sa kapamilya sa pagsisimba.
B. Ipagpatuloy ang paggawa ng proyekto.
C. Hayaan na magsimba ang buong pamilya
D. Ipagawa sa kasambahay ang proyekto at sumamang mag simba.

3. Paano mo maipapakita ang paggawa ng kabutihan sa kapwa bilang pasasalamat sa Diyos?

A. Magbigay ng pagkain sa mga nasalanta ng bagyo
B. Bumili ng mamahaling gamit at ipakita sa mga kaklase.
C. Mamasyal sa ibang bansa kasama ang buongpamilya.
D. Mamili ng maramingpagkain para samgakapamilyalamang.

4.

| |
|---|
| Sumali ka ng camping sa inyong paaralan at tinuro sa iyo ang mga magagandang asal. |

Bilang isang Iskawt, alin sa mga sumusunod ang dapat mong ipakita na paraan ng pagpapasalamat sa Diyos?

A. Pagdadasal ng taimtim sa Panginoon
B. Pamamasyal sa mga mall
C. Paglalaro ng computer buong magdamag.
D. Pagbebenta ng mga pagkain sa mataas na  presyo

5. Kung ikaw ay may kakayahan na tumulong, sino ang bibigyan mo ng tulong?

A. Mga pulubing humihingi ng pagkain
B. Kapitbahay mo na may mga negosyo.
C. Mga anak mayaman mo na kaklase mo
D. Mga kalaro mo na may magulang na nagtratrabho sa Gobyerno.



## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Gumawa ng isang sanaysay na nagpapakita ng iba't ibang paraan na pagpapasalamat sa Diyos.

**Rubrics sa Pagmamarka**

| | 5 | 4 | 2 |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Naipapahayag nang malinaw sa sanaysay ang opinyon | Hindi masyadong naipahayag sa sanaysay ang opinyon. | Malayo sa paksa ang nasulat na sanaysay. |
| Organisasyon | Mahusay ang pagkakasulat ng sanaysay.Nagkasunod-sunod ang mga ideya | Maayos ang pagkasulat. | Hindi maayos ang pagkasulat |

## Sanggunian


Zanaida R. Ylarde, Gloria A. Peralta, EdD, Ugaling Pilipino saMakabagongPanahon 5, BatayangAklatPahina

By Patrick Sweeney - complete-church-midnight-mass, CC BY-SA 2.0, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=35497670

By Bonvallite - Own work, CC BY-SA 3.0, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=23522958

By Official U.S. Navy Page from United States of AmericaMC2 Pyoung K. Yi/U.S. Navy - Sailor delivers Meals-on-Wheels to elderly and homebound residents., Public Domain, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=61252757



Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Rolando G. Vergara
MT - 2
Titay National High School
Titay District

Editor: Maricris T. Pantollana
Ma. Lilia E. Fernandez
Randolf O. Morada

Tagasuri: Maricel L. Tercio
Arniel L. Ancheta

Tagapamahala:
Mona Lisa M. Babiera, Ed.D
*Education Program Supervisor*

Evelyn F. Importante
*OIC-CID Chief EPS*

Aurelio A.Santisas
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jerry C. Bokingkito
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
*OIC-Schools Division Superintendent*